UNITED NATIONS
HUMAN RIGHTS COUNCIL

# Ulat ng karapatang pantao ng Pilipinas susuriin ng Universal Periodic Review

**GENEVA (9 November 2022) –** Ang ulat ng karapatang pantao sa Pilipinas ay susuriin sa ikaapat na pagkakataon ng Universal Periodic Review (UPR) Working Group ng UN Human Rights Council sa, sa isang pagpupulong na naka-live webcast sa Lunas, ika-14 ng Nobyembre 2022.

Ang Pilipinas ay isa sa mga Estadong susuriin ng UPR Working Group sa papalapit nitong pagpupulong mula ika-7 ng Nobyembre hanggang ika-18 ng Nobyembre ng taong ito. Ito ang pagsisimula ng ika-apat na siklo ng UPR. Ang una, ikalawa at ikatlong pagsusuri ng Pilipinas ay naganap noong Abril 2008, Mayo 2012 at Mayo 2017, ayon sa ganitong pagkakasunod-sunod.

Ang pagsusuri ay naka-base sa ilang dokumento: 1) ang pambansang ulat – o impormasyong ibinahagi ng Estadong sinusuri; (2) impormasyon na nakapaloob sa mga ulat ng mga independiyenteng eksperto o grupo sa larangan ng karapatang pantao, at kilala sa pangalang Special Procedures, mga lupon ng tratadong pang karapatang pantao, at iba pang lupon ng UN; (3) impormasyong ibinahagi ng ibang grupo tulad ng pambansang lupon para sa karapatang pantao, mga lupon sa rehiyon at mga lupon ng civil society.

Makikita dito ang tatlong ulat na pagbabasehan ng pagsusuri ng Pilipinas sa ika-14 ng Nobyembre.

**Lugar:** Room 20, Palais des Nations, Geneva

**Petsa at oras:** Alas-nuwebe hanggang alas-dose e-medya ng umaga, ika-14 ng Nobyembre (Geneva time, GMT +1 hour)

Ang UPR ay kakaibang proseso ng pagsusuri ng tala ng karapatang pantao ng 193 Kasaping Estado ng UN. Mula nang ito'y unang nagpulong noong Abril 2008, lahat nang 193 Kasaping Estado ng UN ay nasuri na noong una, iakalawa at ikatlong siklo ng UPR. Sa ikaapat na siklo, ang mga Estado ay inaasahang maguulat ukol sa mga hakbang tinahak upang ipatupad ang mga rekomendasyong isinumite sa nakaraang pagsusuri, at maguulat sa mga kaganapan ukol sa karapatang pantao sa kanilang bansa.

Ang tatlong pambansang kinatawan na maglilingkod bilang rapporteurs ("troika") sa pagsusuri ng Pilipinas ay: Marshall Islands, Namibia at Poland.

Ang webcast ng pagpupulong at mapapanood sa http://webtv.un.org

Ang listahan ng mga speaker at mga pahayag na igagawad sa pagsusuri ng Pilipinas ay makikita sa UPR Extranet.

Inaasahang ipagtitibay ng UPR Working Group ang mga rekomendasyon ukol sa Pilipinas sa alas 3:30 ng 16 Nobyembre. Maaaring tumugon ang Estadong sinusuri sa mga rekomendasyon.

PAGTATAPOS

Para sa iba pang impormasyon at kahilingang pang-media, maaaring kontakin si *Rolando Gómez, HRC Media Officer, sa rolando.gomez@un.org, Matthew Brown, HRC Public Information Officer, sa matthew.brown@un.org, o si Pascal Sim, HRC Public Information Officer, sa simp@un.org*

Upang matutunan ang UPR, bisitahin: https://www.ohchr.org/en/hr-bodies/upr/upr-main

Sundan ang UN Human Rights Council sa social media: Facebook Twitter YouTube Instagram